# Lesson 2: Pagpapayuhan

*Maaari ninyong ituro ang lesson na ito nang buo o paghiwa-hiwalayin ito sa mas maiikling segment. Iakma ang lesson sa inyong mga lokal na sitwasyon at sa mga pangangailangan, edad, at pang-unawa ng presidency ng inyong korum o klase.*

## ANG LAKAS AY NAGMUMULA SA PAGPAPAYUHAN

Ang paraan ng pamumuno ng Panginoon sa Kanyang Simbahan ay sa pamamagitan ng mga council (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 43:8–10). Ang pagpapayuhan ay makakatulong sa atin na magkaisa sa ating mga tungkulin bilang isang presidency ng korum o klase, na pinamumunuan ng Espiritu sa paggawa ng mga desisyon, at mas mabisa sa paggawa ng gawain ng Panginoon. Paano tayo matutulungan ng pagpapayuhan na gumawa ng mas mabubuting desisyon?

## ANG PAGPAPAYUHAN AY MAKAKATULONG SA ATIN NA TUMANGGAP NG PAGHAHAYAG

Itinuro sa atin ni Elder Neil L. Andersen na "lahat tayo [sa presidency ng isang organisasyon] ay maaaring tumanggap ng paghahayag" (sa "Auxiliary Panels Use New Training Library," *Ensign,* Abr. 2011, 76). Ang pagpapayuhan ay nagtutulot sa atin na matanggap ang paghahayag na iyon habang ipinaplano at isinasagawa natin ang gawain ng Panginoon. Para mailarawan ang ideyang ito, maaari ninyong bigyan ang bawat miyembro ng presidency ng ilang piraso ng isang simpleng puzzle at anyayahan silang magtulungan sa pagkumpleto ng puzzle.

- Paano naaangkop ang halimbawang ito sa pagpapayuhan bilang isang presidency?
- Bakit mahalaga para sa lahat na mag-ambag sa isang council?
- Ano ang magagawa natin para matulungan ang lahat na maging komportable sa pakikibahagi?
- Ano ang magagawa natin para maanyayahan at marinig ang Espiritu Santo habang tayo ay sama-samang nagpapayuhan?

Isipin ang isang hamon o pangangailangan sa inyong korum o klase. Sama-samang magpraktis sa pagpapayuhan kung paano ito tutugunan.

## SUPORTANG RESOURCES

- Mateo 18:20
- Eter 2:14–3:16
- Doktrina at mga Tipan 88:122
- Doktrina at mga Tipan 107:84-87
- M. Russell Ballard, "Strength in Counsel," *Ensign,* Nov. 1993, 76–78
- *General Handbook: Serving in The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints [Pangkalahatang Hanbuk: Paglilingkod sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw],* 10.4, 11.3.4, ChurchofJesusChrist.org



© 2020 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. 2/20. Pagsasalin ng *Quorum and Class Presidency Training—Lesson 2.* Tagalog. PD60010737 893. Inilimbag sa Pilipinas